Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-03 NG AGOSTO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

KAPASYAHANG PANLUNGSOD BLG. 173-2020

**ISANG KAPASYAHANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY PAHINTULOT AT KAPANGYARIHAN SA PUNONG LUNGSOD, INH. GILBERT T.GATCHALIAN NA MAKALAGDA AT MAKAPASOK SA PAGPAPANIBAGO NG KASUNDUAN NG PAGPAPAUPA SA PAGITAN NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS AT NG EUCHARISTIC HEART FOUNDATIONS, INC. PARA SA 536.92 METRO KWADRADONG BAHAGI NG SORIANO BUILDING.**

**AKDA NINA: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. EMMANUEL R. SACAY** AT **KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

**SAPAGKAT,** pangunahin sa layunin ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ang pagpapalakas ng sistema ng katarungan sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga ahensya ng pamahalaang nasyunal tulad ng Department of Justice, Prosecutorial Services Office, Probation Office, mga korte at ng mga mamamayan nito;

**SAPAGKAT,** lumiham ang Tanggapan ng Punong Lungsod na magalang na humihiling sa Sangguniang Panlungsod na mabigyang kapangyarihan at kapahintulutan ang mabunying Punong Lungsod, Inh. Gilbert T. Gatchalian na makalagda at makapasok sa pagpapanibago ng nasabing kasunduan ng pagpapaupa sa pagitan ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos at ng Eucharistic Heart Foundations, Inc.;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyan ay walang permanenteng tanggapan o opisina ang Panlungsod na Taga-usig, Commission on Elections (Comelec), Philippine Mediation Center (PMC) at ang korte kung kaya't napakalaking tulong para sa kanilang pagganap sa sinumpaang tungkulin ang pagkakaroon ng tanggapan sa Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** batay sa itinatadhana ng seksyon 22 ng Republic Act No. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng Pilipinas, na ang pamahalaang lokal ay maaaring pumasok sa isang kasunduan sa pamamagitan ng punong ehekutibo sa bisa ng kapangyarihang iginawad ng sangguniang panlungsod ukol dito;

Sa kahilingan ni **IGG. NINO CARLO C. BAUTISTA** na sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo na;

**KUNG KAYA'T IPINASIYA,** gaya ng dito'y ginagawang pagpapasya na sinang-ayunan ng lahat na binibigyan ng kapangyarihan at pahintulot ang Punong Lungsod, Inh. Gilbert T. Gatchalian na makalagda at makapasok sa pagpapanibago ng kasunduan ng pagpapaupa sa pagitan ng Pamahalaang Panlungsod at ng Eucharistic Heart Foundations, Inc. para sa 536.92 metro kwadradong bahagi ng Soriano Bdlg.

PINAGTIBAY.

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

| | |
|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO<br>KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA<br>KASANGGUNI |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS<br>KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO<br>KASANGGUNI |
| KGG. ENRICO C. CAPULE<br>KASANGGUNI | KGG. DENNIS D. SAN DIEGO<br>KASANGGUNI |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY<br>KASANGGUNI | KGG. EDGARDO F. DOMINGO<br>KASANGGUNI |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA<br>KASANGGUNI | KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO<br>KASANGGUNI |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA<br>KASANGGUNI - ABC President | KGG. PATRICK S. DELA CRUZ<br>KASANGGUNI - SK President |

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*08032020